

KODIGO NG PAG-AASAL LABAN SA KORAPSYON



Making progress become reality

MGA NILALAMAN

PAMBUNGAD.....	1
MGA DEPINISYON.....	2
I. ANG PANGAKO NG GROUP NA LABANAN ANG KORAPSYON.....	4
II. MGA TAGATANGGAP NG KODIGO NG PAG-AASAL	5
III. SA PAGMAMALASAKIT NG LAHAT	6
1. Ang mga commitment ng Mga senior executive at Manager ng Group	6
2. Mga commitment ng empleyado	6
3. Tungkulin ng ethics/compliance department.	7
IV. PAGLABAN SA KORAPSYON ARAW-ARAW	9
1. Pag-iwas.....	9
2. Pagtukoy	10
3. Pagdodokumento ng mga desisyon	11
4. Kontrol at pagtatasa	12
5. Accounting	12
6. Pagtataas ng alarma	13
7. Mga Parusa	13
V. PAGGAWA NG AKSYON LABAN SA MGA GAWING MAPANGANIB.....	15
1. Mga regalo at hospitality.....	15
2. Mga pagbabayad sa pagpapadali	16
3. Pagtangkilik at pag-sponsor.....	16
4. Mga salungatan ng interes	17
5. Paggamit ng mga tagapamagitan	18
6. Pampulitikang pagpopondo	20
7. Pagkatawan ng interes at lobbying	21
APPENDIX 1	23
APPENDIX 2	25

PAMBUNGAD

Unang binuo ng Bouygues group ang programa ng Pagpapatupad Laban sa Korapsyon noong 2014. Binago ito noong 2017 upang isama ang mga kinakailangan ng batas na Sapin 2 ng 9 Disyembre 2016 ng France.

Bilang karagdagan sa Kodigo ng Etika, gusto rin naming i-update ang programang ito para isaalang-alang ang mga pinakabagong regulasyon at gawin itong mas malinaw at praktikal.

Simula noong 2017, ang laban sa korapsyon ay pinaigting sa France at sa buong mundo at lalong humihigpit ang mga pang-regulasyong kinakailangan, sa partikular dahil sa pagpapatupad ng iba't ibang batas sa labas ng mga teritoryo. Ang paglabag ng mga tuntunin ay maaaring magkaroon ng napakaseryosong implikasyon para sa Group, sa mga senior executive at mga empleyado nito, kabilang ang malalaking multa, mga sentensiya para sa pagkakakulong, at paghihigpit sa kakayanan ng Groupng mag-bid para sa mga pampubliko at pribadong kontrata at makalikom ng mga pondo.


Samakatuwid, mahalaga para sa lahat na maunawaan, tanggapin at mahigpit na sundan ang mga tuntunin sa pag-iwas sa korapsyon.

Malinaw na hindi kinukunsinti ng aming Group ang anumang uri ng korapsyon. Ang pagtanggì sa lahat ng uri ng mga tiwaling gawiay pangunahing obligasyon para sa lahat ng mga senior executive, manager, at empleyado.

Partikular naming hinihingi ang atensyon ng mga senior executive at manager sa kanilang mga partikular na responsibilidad sa aspetong ito. Hinihikayat namin silang basahin nang mabuti ang Kodigong ito, malawakang ipakalat ito sa kanilang mga empleyado at siguraduhing ang mga tuntunin nito sa pagbabawal, pag-iwas at pagkontrol ay mabisang napatutupad sa loob at labas ng France.

Kailangang maunawaan ng mga empleyado na hindi kinukunsinti ng Bouygues group ang anumang paglabag sa mga tuntuning nagbabawal sa korapsyon. Ang lahat ng empleyado ay dapat, samakatuwid, na makatanggap ng pagsasanay ukol sa laban sa korapsyon. Higit sa lahat, kailangang alam nilang makakaasa sila sa kanilang mga line manager at sa Mga Ethics Officer ng Group at segment ng Negosyo kung nalantad sila sa sitwasyon o kaganapang may kasangkot na korapsyon. Hindi dapat naiiwang nag-iisa ang empleyado na pamahalaan ang gayong sitwasyon.

Martin Bouygues
Chairman ng Board of Directors



Olivier Roussat
Group Chief Executive Officer



MGA DEPINISYON

Pampublikong opisyal: kahit na sinong nasa posisyon na may opisyal na awtoridad, hinirang man o binoto, kabilang ang:

- kahit na sinong nagtatrabaho o ginagamit bilang ahente o kinatawan ng pambansa, rehiyonal o lokal na awtoridad, isang entity na kontrolado ng isa sa mga awtoridad na iyon o isang independyenteng administratibong awtoridad;
- sinumang nagtatrabaho o ginagamit bilang isang pampublikong ahensya;
- mga kandidatong tumatakbo para sa pampublikong posisyon;
- mga pinuno ng mga partidong politikal at
- mga empleyado ng mga pandaigdigang pampublikong organisasyon.

Korapsyon: ang korapsyon ay maaaring aktibo o pasibo.

- Ang **aktibong korapsyon** ay ang pagbibigay o pagpayag na bigyan ang isang French o banyagang pampubliko o pribadong entity o tao ng hindi nararapat na kalamangan kapalit ng paggawa o pag-iwas sa paggawa ng kanilang mga tungkulin bilang opisyal para makinabang ang salarin. Nagagawa ang pagkakasala kahit na hindi talaga binayaran o ibinigay ang kalamangan. Hindi kinakailangang mapatunayan ang layuning manlinlang para habulin at parusahan ang pagkakasala.
- Ang **pasibong korapsyon** ay ang pagtanggap o ang paghingi ng isang hindi nararapat na kalamangan na tumutugon sa mga kondisyon sa itaas.

Senior executive: nangangahulugang ang mga director at corporate officer ng bawat Entity ng Group.

Entity: nangangahulugang ang mga French at ng banyagang batas na kumpanya at Mga Entity na direkta o hindi direktang “kontrolado” ng mga segment ng Negosyo ng Group.

Group: nangangahulugang Bouygues SA at lahat ng French at ng banyagang-batas na kumpanya at Entity na direkta o hindi direktang “kontrolado” ng Bouygues SA (kabilang ang mga joint venture na kontrolado ng Bouygues SA, mga segment ng Negosyo o kanilang Mga Entity). Ang “kontrol” ay may kahulugang binigay dito ng mga pinagsamang probisyon ng Mga Artikulo L. 233-3 at L. 233-16 ng French Commercial Code (*Code de Commerce*) at dahil dito ay kabilang ang parehong *de jure* at *de facto* kontrol.

Manager: tutukuyin ng bawat segment ng Negosyo ang konsepto ng “Manager” na naaangkop sa saklaw nito batay sa mga proseso at gawain nito.

Segment ng negosyo: nangangahulugang sa dokumentong ito, ang Bouygues SA at ang bawat isa sa mga segment ng Negosyo ng Group na kabilang ang, sa petsang ito, Bouygues Construction, Bouygues Immobilier and Colas (Mga negosyo ng konstruksyon), TF1 (Media) at Bouygues Telecom (Mga telecom) at Equans (Mga Enerhiya at Serbisyo).

Ethics Officer at Compliance Officer: hinihirang ng bawat segment ng Negosyo ang sarili nitong Ethics Officer at isang Group Ethics Officer sa loob ng Bouygues SA. Ayon sa tuntunin, ang Ethics Officer ang General Counsel ng kaugnay na entity, at ang namamahala sa pag-roll out at pagpapatupad ng Kodigo ng Etika ng Group, Kodigo ng Pag-aasal Laban sa Korapsyon at mga programa at patakaran sa Pagsunod. Siya ay maaaring tulungan ng Compliance Officer na responsable sa operasyonal na pagpapatupad ng mga bagay na ito.

Paglalako ng impluwensya: tulad ng korapsyon, maaaring aktibo o pasibo ang paglalako ng impluwensya.

- Ang **aktibong paglalako ng impluwensya** ay ang panunuhol ng isang tao para gamitin ang kanilang kasalukuyan o inaasahang impluwensya sa ibang tao para makakuha ng kalamangan o kanais-nais na desisyon.
- Ang **pasibong paglalako ng impluwensya** ay ang pagpayag na gamitin ang sariling impluwensya o paghingi ng kalamangan o pabor kapalit ng paggamit ng sariling impluwensya.

I. ANG PANGAKO NG GROUP NA LABANAN ANG KORAPSYON

Kinokondena ng Bouygues Group ang lahat ng uri ng aktibo o pasibong Korapsyon at Paglalako ng impluwensya, sa pampubliko o pribadong sektor man at kung nagawa man ito sa France o ibang bansa.

Tulad ng nakasaad sa Kodigo ng Etika ng Group, ang mga gawaing Tiwali, Paglalako ng impluwensya at katulad na paglabag ay lubos na taliwas sa mga binahaging pagpapahalaga at etikal na prinsipyo nito. Dahil nito, ang Group ay may patakarang zero tolerance pagdating sa korapsyon at anumang paglabag sa mga naaangkop na tuntunin ay nahaharap sa aksyong pandisiplina.

Mas binibigyang-katwiran ng pangakong ito na labanan ang Korapsyon dahil sa ang anumang paglabag sa mga pambansa o pandaigdigang regulasyon, kahit na lubhang lokalizado o kahit na maliit na halaga ang kasangkot, ay maaaring magkaroon ng napakaseryosong implikasyon sa Group, sa mga senior executive at empleyado nito. Bukod sa mga multa at hatol na pagkakakulong para sa mga senior executive nito, ang paglabag sa mga patakaran laban sa korapsyon ay maaaring:

- magdulot ng paghihigpit sa access sa mga pampubliko at pribadong kontrata ng Group;
- magdulot ng paglilimita sa kakayanang magsagawa ng negosyo (halimbawa, pagkumpiska ng mga ari-arian, pagtigil sa o mga restriksyon sa iba't ibang gawain);
- gawing mas mahirap ang pagkuha ng mga kredito sa bangko o insurance at mang-akit ng mga namumuhunan;
- mauwi sa internal na kaguluhan o negatibong epekto sa mga tauhan; at
- ipahamak ang imahe ng Group sa pangmatagalang panahon.

Noong 2017, binago ng Group ang programa nito sa pagsunod laban sa korapsyon para maisama ang mga kinakailangan ng batas ng 9 Disyembre 2016 sa pagiging transparent, ang laban sa korapsyon at modernisasyon ng buhay ng negosyo (ang batas na "Sapin 2")¹. Ang programang ito ay pinalitan na ngayon ng Kodigo ng Pag-aasal Laban sa Korapsyon.

Ang Kodigo ay nagtatakda ng impormasyon laban sa korapsyon, pag-iwas, pagtuklas, mga pamamaraan sa pagkontrol at pagpaparusang ipatutupad ng Group sa France at sa ibang bansa².

Maaaring magdagdag o mag-angkop ang bawat segment ng Negosyo ng mas mahigpit na patakaran kumpara sa mga isinasaad sa Kodigong ito batay sa risk map o mga partikular na tampok ng negosyo. Gayunpaman, kailangang aprubahan muna ng Group Ethics Officer ang anumang pagbabago.

(1) Kapuna-puna, ang Artikulo 17, II, 1° ng batas ng Sapin 2.

(2) Sa kaso ng joint venture na magkasamang kontrolado ng isang Entity ng Group at isang partner kung saan hindi posibleng kailanganin ang pagsunod sa Kodigong ito, dapat na hilinging gumawa ang partner ng kontraktwal na gawain upang igalang ang hindi bababa sa katumbas ng mga pamantayang naitakda sa Kodigong ito.

II. MGA TAGATANGGAP NG KODIGO NG PAG-AASAL

Nalalapat ang Kodigo ng Pag-aasal na ito sa lahat ng mga empleyado at senior executive ng Group¹ sa takbo ng mga gawain sa negosyo nito, anuman ang Entity, proyekto o bansang may kinalaman.

Kailangang siguraduhin ng bawat segment ng Negosyo na may inangkop at ipinapatupad ang lahat ng Entity na saklaw nito ang Kodigo ng Pag-aasal sa France at sa ibang bansa.

May tungkulin ang lahat ng empleyado ng Group na labanan ang korapsyon sa lahat ng anyo nito.

Panghuli, inaasahan ng Group na ipatutupad ng mga stakeholder (customer, supplier, sub-contractor, co-contractor at tagapamagitan) nito ang hindi bababa sa katumbas na mga pamantayang itinakda sa Kodigo ng Pag-aasal na ito.

(1) Sa kaso ng joint venture na magkasamang kontrolado ng isang Entity ng Group at isang partner kung saan hindi posibleng kailanganin ang pagsunod sa Kodigong ito, dapat na hilinging gumawa ang partner ng kontraktwal na gawain upang igalang ang hindi bababa sa katumbas ng mga pamantayang naitakda sa Kodigong ito.

III. SA PAGMAMALASAKIT NG LAHAT

1. Ang mga commitment ng mga Senior executive at Manager ng Group

Mahalaga ang commitment ng mga Senior executive at Manager ng Group upang siguraduhing naipamahagi at tinatanggap ang Kodigo ng Pag-aasal ng lahat ng empleyado.

Lalong nagiging mahalaga ang papel ng mga Senior executive sa paraang ginawa silang responsable ng batas na Sapin 2 sa pagpapatupad at paglalagay ng mga kaayusan laban sa korapsyon, kabilang ang isang programa ng pagsunod. Kung bigo silang gawin ito, maaaring ipataw sa kanila nang personal ang mga parusa¹.

Samakatuwid, inaasahan ng Group ang lahat ng Senior executive at Manager na mamuno sa pamamagitan ng halimbawa sa pamamagitan ng:

- pag-iwas sa lahat ng gawaing tiwali at katulad na pagkakasala;
- pagpapatupad ng mga hakbang sa impormasyon at pag-iwas na inilarawan sa ibaba; at
- pagtulong sa pagtuklas at pagpaparusa sa kahit na sinong empleyadong lumalabas sa Kodigo ng Pag-aasal.

Kinakailangang gumawa ang mga Senior executive at mahahalagang Manager ng Group ng nakasulat na commitment sa ganitong epekto, na ire-renew bawat dalawang taon para maisaalang-alang ang mga pagbabago sa mga regulasyon, rekomendasyong ginawa ng mga awtoridad ng pagkontrol at mas mahihigpit na mga pamantayan.

Isang mahalagang haligi ng mga areglo laban sa korapsyon

Mahalaga ang huwarang pamununo sa pamamahala. Kayo ang mga ambassador para sa Kodigo ng Pag-aasal na ito na may kinalaman sa mga empleyado at stakeholder ng Group.

Samakatuwid, kailangan mong magpatupad ng patakarang zero tolerance sa Korapsyon sa loob ng iyong segment ng Negosyo o Entity. May pananagutan ka rin sa pagbuo ng kapaligirang may tiwala kung saan nararamdaman ng lahat ng empleyado na maaari silang magpahayag ng kahit na anong problemang maaaring mayroon sila tungkol sa mga etikal na isyu.

2. Mga commitment ng empleyado

Ang lahat ng empleyado ng Group ay may tungkuling labanan ang Korapsyon sa lahat ng anyo nito. Alinsunod at sa ilalim ng parusa ng mga sanction, kabilang ang mga kriminal na sanction, hindi dapat nila:

- hayaan ang mga sarili nilang masira sa anumang paraan o subukang sirain ang isang pribadong indibidwal o pampublikong opisyal direkta man o sa pamamagitan ng tagapamagitan; o

(1) Tingnan ang Artikulo 17, IV at V ng batas na Sapin 2.

- gumawa ng anumang pagkakasala katulad ng Korapsyon (paglalako ng impluwensya, pagkakaroon ng paborito¹, labag sa batas na pagkalap ng mga interes², money laundering³, atbp.).

Samakatuwid, inaasahan ng Group ang lahat ng empleyado na yakapin ang Kodigo ng Pag-aasal na ito at ipakita ang malasakit at pang-unawa sa lahat ng pagkakataon sa takbo ng kanilang mga gawain.

Upang matiyak na ang laban sa Korapsyon ay niyayakap ng ating mga stakeholder (customer, supplier, tagapagbigay ng serbisyo, sub-contractor, co-contractor at tagapamagitan), kailangang tiyakin ng mga empleyado na ang pakikitungo nila ay tumutugon sa mga pamantayan sa pagsunod ng Group.

Sa front line

Kayo ay nasa front-line sa pang-araw araw na pagsunod. Bibigyang-daan ka ng mga tool na inilaan ng Group na masagot ang kahit na anong tanong na maaaring mayroon ka tungkol sa pagtukoy at paglaban sa Korapsyon.

Gayunpaman, kung mayroon kang pag-aalangan o tanong, dapat kang humingi ng payo sa iyong line Manager, legal department, Compliance Officer o segment ng Negosyo o Group Ethics Officer.

3. Tungkulin ng ethics/compliance department

Nagbibigay ang Group ng paraang kinakailangan upang labanan ang mga paglabag sa kabutihang asal.

Ang ethics/compliance department ay pinamumunuan ng Ethics Officer, na ayon sa tuntunin ay ang pangkalahatang tagapayo ng segment ng Negosyo, na sinusupportahan ng mga partikular na team (at, kung anuman ang kaso, isang Compliance Officer).

Tungkulin ng ethics/compliance department ang:

- ayusin ang pagpapalaganap at pagpapatupad ng Kodigo ng Pag-aasal;
- payuhan ang mga empleyado sa mga bagay na kaugnay ng Kodigo; at

(1) Sa Ilalim ng Artikulo 432-14 ng French Criminal Code, "Ang sinumang may posisyon bilang pampublikong awtoridad o nagsasagawa ng misyong serbisyong pampubliko o may posisyon sa gobyernong nahalal o gumaganap bilang kinatawan, executive o ahente ng Estado, lokal o rehiyonal na awtoridad, mga pampublikong gawain, halu-halong kumpanya ng kabuhayan na may pambansang interes na nagsasawa ng misyong serbisyong pampubliko at mga lokal na halu-halong kumpanya ng ekonomiya o sinumang gumaganap sa ngalan ng sinumang taong nabanggit sa itaas, na bumibili o sinusubukang bumili para sa ibang tao ng isang di-nararapat na kalamangan sa pamamagitan ng gawaing lumalabag sa mga probisyong ayon sa batas o regulatory na naglalayong siguraduhin ang kalayaan sa pag-access at pagkakapantay-pantay para sa mga kandidatong naghahandog ng mga kontratang pampubliko at konsesyon ng serbisyo sa publiko, ay parurusahan ng dalawang taong pagkakakulong at multang €30,000."

(2) Sa Ilalim ng Artikulo 432-12 ng French Criminal Code, "Ang pagkuha, pagtanggap o pagtatago, direkta o hindi direkta, ng interes sa isang negosyo o pagpapatakbo ng negosyo ng sinumang may posisyon bilang pampublikong awtoridad o nagsasagawa ng misyong serbisyong pampubliko, o sinumang may posisyon sa gobyernong nahalal, na sa oras na iyon ay may tungkulin ng pagtitiyak, buo o bahagi, sa pangangasiwa, pamamahala, liquidation o pagbabayad, ay parurusahan ng limang-taong pagkakakulong at multang €500,000 o, kung mas mataas, doble ng halaga ng mga nalikom mula sa pagkakasala."

(3) Sa Ilalim ng Artikulo 324-1 ng French Criminal Code, "Ang money laundering ay ang pagpapadali sa kahit na anong paraan ang maling pangangatwiran ng pinagmulan ng mga ari-arian o kita ng salarin ng isang krimen o pagkakasala na nagbigay ng direkta o hindi direktang pakinabang sa salarin. Money laundering din ang pagtulong sa pamumuhunan, pagtatago o pagco-convert nang direkta o hindi direkta ng mga nalikom mula sa krimen o pagkakasala. Ang money laundering ay may parusang limang-taong pagkakakulong at multang €375,000."

- magbigay ng mga karagdagan o ilustrasyon sa Kodigo kung saan tinitiyak ng mga partikular ng tampok ng segment ng Negosyo, na sumusunod sa pagsusuri ng panganib. Ang anumang karagdagan ay kinakailangang aprubado ng Group Ethics Officer.

Ang bawat segment ng Negosyo ay may Ethics Committee na nag-uulat sa Board of Directors. Regular itong nagpupulong para repasuhin ang mga isyu ng etika at suriin ang mga angkop na areglo sa pag-iwas at pagtukoy sa Korapsyon. Nag-aambag din ito sa pagtukoy sa mga tuntunin ng pag-aasal at mga plano ng aksyon na gagabay sa pagsasagawa ng mga Senior executive at empleyado.

IV. PAGLABAN SA KORAPSYON ARAW-ARAW

1. Pag-iwas

Impormasyon

Upang tiyaking nauunawaan at tinatanggap ng lahat ng Senior executive at empleyado ang Kodigo ng Pag-aasal hangga't maaari, ito ay available sa lahat ng oras sa Intranet ng Group at mga Intranet ng bawat segment ng Negosyo, o sa iba pang mga paraang tinukoy ng mga segment ng Negosyo.

Batay sa kanilang mga areglo, regular na sinusuri ng mga segment ng Negosyo ang nilalaman ng Kodigo at commitment ng Group na labanan ang korapsyon ay alam ng lahat. Dapat nilang bigyan ang kanilang mga senior executive at mga empleyado ng anumang impormasyong maaaring mapakinabangan nila sa kanilang mga gawain, tulad ng:

- mga memo tungkol sa mga kaugaliang nangangailangan ng espesyal na atensyon tungkol sa paglaban sa korapsyon;
- mga alerto at legal o regulatory na memo tungkol sa batas laban sa korapsyon (mga rekomendasyon ng mga awtoridad, case law, mga susog/pagbabago sa mga batas), na ipamamahagi agad; at
- anumang impormasyon tungkol sa integridad ng stakeholder, kasama ng legal na departamento ng segment ng Negosyo at, gaya ng maaaring mangyari, ng mga dalubhasang tagapagpayo at tagapagbigay ng serbisyo mula sa labas.

Panghuli, kailangang gamitin ng mga segment ng Negosyo ang kanilang buong makakaya para siguraduhing ang kanilang mga customer, pangunahing supplier, sub-contractor, co-contractor, consultant, tagapamagitan at kasosyo ay sumusunod sa Kodigo ng Pag-aasal o inilalapat ang mga katumbas na pamantayan.

Pagsasanay

Ang mga segment ng Negosyo ay bumubuo at nagpapatupad ng programa ng pagsasanay na angkop sa kanilang mga gawain ng negosyo at mga geograpiya kung saan sila nagpapatakbo. Kabilang dapat sa programang ito ang:

- Isang **mandatoryong** module ng **pagsasanay** para sa lahat ng empleyado, na sakop ang Kodigo ng Pag-aasal at mga tuntunin tungkol sa panunuhol at korapsyon.
- Isang module ng **mas tiyak na in-person na pagsasanay** para sa mga Senior executive at empleyadong pinakalantad sa korapsyon at mga panganib ng paglalako ng impluwensya¹.

Kontraktwal na balangkas

Tinutukoy ng mga segment ng Negosyo ang mga kontratang dapat kabilangan ng mga probisyon laban sa korapsyon.


(1) Halimbawa, ang mga empleyadong may pananagutan para maipaskil sa mga bansang may Transparency International Corruption Perceptions Index na 50 o mas mababa pa (tingnan ang link sa Appendix 2 para sa pinakabagong index).

Kailangang isama ang mga nasabing probisyon sa mga sumusunod na dokumento:

- mga kontratang nagpapakita ng panganib ng Korapsyon (hal. mga kasunduan ng partnership o joint venture, mga kasunduan ng sponsorship at pagtangkilik, mga kasunduan sa pagkuha ng kumpanya, mga kontrata sa mga tagapamagitan);
- indibidwal na trabaho o mga kontrata ng pakikipag-ugnayan para sa mga empleyadong nalantad sa panganib ng Korapsyon sa takbo ng kanilang trabaho (hal. isang empleyadong may responsibilidad para sa isang subsidiary, entity o proyekto, departamento ng pagbebenta o pagbili); at
- mga delegasyon ng awtoridad na ipinagkaloob sa Senior executive na responsable sa isang Entity, departamento o proyekto o awtorisadong gumawa ng mga pinansyal na kompromiso o nagsasagawa ng tungkulin sa departamento ng pagbebenta o pagbili.

2. Pagtukoy

Nagpapatupad ang Group ng iba't ibang tool para tiyaking maagang matutuklasan ang mga panganib ng Korapsyong partikular sa mga gawain ng negosyo nito. Sa aspetong ito, kailangang gawin ang mga compliance check bago simulan ang kahit na anong malaking proyekto o bagong gawain sa negosyo o sa pagbubukas ng bagong operasyon ng negosyo.



Risk mapping ng korapsyon

Gumagawa ang mga segment ng Negosyo ng risk map para kilalanin, suriin, at iranggo ang mga panganib ng pagkakalantad ng mga Entity sa mga panlabas na panghihingi ng Korapsyon. Kailangang isaalang-alang ng risk map ang mga sektor ng negosyo at geograpiya kung saan nagpapatakbo ang mga Entity. Ang pangangailangang i-update ang risk map ay dapat suriin taun-taon.

Pagsusuri ng third party

Pinapatupad ng mga segment ng Negosyo ang mga pamamaraan para masuri ang posisyon ng kanilang mga customer, pangunahing supplier, tagapamagitan, at sa mas pangkalahatan, kanilang mga kasosyo ayon sa risk map ng Korapsyon. Ang mga pagsusuring ito ay kinakailangang epektibo, detalyado, dokumentado, at na-update ayon sa antas ng panganib ng third party at mga pagpapaunlad sa relasyon.

Risk analysis ng target na kumpanya

Nangangailangan ang Group ng mahigpit na pagsusuri ng panganib ng Korapsyong isasagawa bago ang anumang merger o acquisition na may kinalaman sa target na kumpanya.

Pagsusuri ng mga third party: mga factor na bibigyan ng konsiderasyon

Ang risk analysis ng kasosyo ay maaaring may kinalaman sa mga sumusunod na hakbang depende sa mahalagang segment ng Negosyo o risk map ng Entity:

- unawain ang background at kapaligiran nito;
- kumuha ng impormasyon tungkol sa istraktura ng shareholder nito, mga pangunahing executive at mga may-aring kapaki-pakinabang¹;
- alamin kung paano pagtibayin kung may relasyon ito sa mga pampublikong opisyal.
- tukuyin ang anumang mga paghahatol sa paglabag sa katapkabutihang asal o anumang mga pending na legal na paglilitis laban dito.
- tukuyin ang mga pangunahing elemento ng mga areglo laban sa korapsyon nito; at
- itala ang lahat ng hakbang ng pagsusuri.

Kung magkakaroon ng audit, lahat ng impormasyong ito ay kakailanganin ng mga awtoridad.

3. Pagdodokumento ng mga desisyon

Kailangang ipatupad ng mga legal na departamento ng bawat segment ng Negosyo ang isang naaangkop na retention policy para sa lahat ng dokumentasyong nagmumula sa pagpapatupad ng Kodigo ng Pag-aasal, kabilang ang risk map ng Korapsyon, mga pagsusuri ng third party at naisagawang risk analysis.

Kailangang bigyang-daan ng document retention policy na ito ang segment ng Negosyo o Entity na ipakita na ang mga pakikipagkalakal nito ay sumusunod sa mga naaangkop na regulasyon.

Kailangang mapanatili ang mga dokumento sa sapat na haba ng panahon, na hindi dapat bumaba sa limang taon.

(1) Ang may-aring kapaki-pakinabang ay ang indibidwal o mga indibidwal na direkta o hindi direktang may-ari ng higit sa 25% ng share ng kumpanya, o nagkokontrol sa mga kinatawan ng administratibo o pamamahala ng isang kolektibong investment scheme o, gaya ng maaaring mangyayari, ang firm ng pamamahala ng pamumuhunang kumakatawan dito. Tingnan ang Artikulo R.561-2 ng French Monetary and Financial Code.

4. Kontrol at pagtatasa

Ang mga tuntunin at prinsipyong itinakda sa Kodigo ng Pag-uugali ay epektibo lamang kung regular na nakokontrol, natatasa, at napabubuti ang mga ito.

Kailangang siguraduhin ng lahat ng Senior executive at Manager na may responsibilidad sa pagpapatakbo para sa Group Entity na isinasagawa ang lahat ng gawain sa negosyo nang nararapat at maayos, na nasa lugar ang mga angkop na kontrol at ginagamit ang lahat ng ginagawang available na mapagkukunan ng pagtatasa ng Group o ng segment ng Negosyo.

Kailangang magpatupad ang mga segment ng Negosyo ng iba't ibang antas ng pagkontrol at pagtatasa ng tamang pagpapatupad ng Kodigo ng Pag-aasal:

- **Antas 1:** lahat ng empleyado ay responsable sa pagsiguro na sumusunod ang gawain ng negosyo sa lahat ng naaangkop na batas.
- **Antas 2:** tinitiyak ng internal na pagkontrol sa loob ng segment ng Negosyo na maayos na naisasagawa ang mga self-assessment. Ipinadadala ang isang ulat ng internal na pagkontrol sa Ethics Officer at Compliance Officer. Ginagamit ng Compliance Officer ang ulat ng internal na pagkontrol upang mag-ulat tungkol sa pagpapatupad ng Kodigo ng Pag-aasal, mga pagpapabuting ginawa o gagawin, mga suliraning naranasan at mga plano ng aksyong ipatutupad.
- **Antas 3:** isinisagawa ang mga regular na audit ng mga segment ng Negosyo at mga departamento ng internal na audit ng Bouygues SA para siguraduhing ang mga operasyon ng Group ay isinasagawa alinsunod sa mga prinsipyo ng Kodigo ng Pag-aasal at balangkas ng internal na pagkontrol ng Group at Segment ng Negosyo. Ipinapadala ang mga ulat ng audit sa Ethics Officer Compliance Officer ng Segment ng Negosyo at ng Group, at sa Ethics Committee. Kung kinakailangan, ang Kodigo ng Pag-aasal ay pinatitibay sa pamamagitan ng mga resulta ng audit.

Ang pagsunod bilang pamantayan sa mga taunang appraisal ng Mga senior na executive at Manager

Ang pagpapatupad ng Kodigo ng Pag-aasal at pangangalaga tungkol sa mga gawi laban sa korapsyon ay isasaalang-alang sa mga taunang appraisal ng mga Senior executive at Manager ng Group.

Anumang problema o pagkabigo sa loob ng buong taon sa pag-iwas at pagtuklas ng Korapsyon sa loob ng kanilang subsidiary ay isasaalang-alang samakatuwid at mananatagot sa magiging epekto sa kanilang taunang appraisal.

5. Accounting

Tinitiyak ng Group na ang mga pondo nito at iba pang ari-arian ay ginagamit para sa mga layuning komersyal na may mabuting intensyon, partikular sa pagtatala ng mga operasyon at transaksyon sa negosyo nito nang tama at patas sa bawat account ng Entity, alinsunod sa mga naaangkop na regulasyon at internal na pamamaraan.

Ang lahat ng Senior executive o empleyado na gumagawa ng mga entry ng accounting ay kinakailangang maging mahigpit at maayos sa pagdodokumento ng bawat entry. Higit pa rito, ang lahat ng paglilipat ng pondo ay nangangailangan ng partikular na pangangalaga, partikular ang tungkol sa pagkakakilanlan ng benepisyaryo at ang dahilan ng paglilipat.

Panghuli, ang mga accounting at finance department ay kinakailangang mahigpit na may kinalaman sa mga bagay na ito.

6. Pagtataas ng alarma

Hinihikayat ng Kodigo ng Etika ng Group ang kalayaan ng pagpapahayag. Ang mga empleyado at Senior executive ay maaaring mag-ulat ng problema o tanong tungkol sa isang gawin na sumasalungat sa Kodigo ng Pag-aasal sa kanilang line Manager, legal departament, o Compliance o Ethics Officer.

Ang Group ay nagtayo ng internal na whistleblowing facility para sa mga empleyado (kabilang ang eksternal at pana-panahong tauhan), mga Senior executive at stakeholder upang iulat ang kanilang problema tungkol sa (i) isang krimen o pagkakasala, (ii) pananakot o panganib sa pampublikong interes, (iii), paglabag o tangkang itago ang paglabag sa isang pandaigdigang gawain na pinagtibay o aprubado ng France o isang unilateral na aksyong ginawa ng pandaigdigang organisasyon sa paraang ang nasabing gawain, ang mga batas at regulasyon ng European Union, o (iv) paglabag sa Kodigo ng Pag-aasal. Anumang mga problema o tanong na inilahad sa ilalim ng internal na whistleblowing facility na ito ay dapat iulat sa Ethics Officer ng kaugnay na segment ng Negosyo. Kung ang whistleblower ay naniniwalang ang sitwasyon ay lampas sa saklaw ng segment ng Negosyo, maaari niya itong iulat nang direkta sa Ethics Officer ng Group. Gayundin, maaaring ipasa ng Ethics Officer ng segment ng Negosyo ang alerta sa Ethics Officer ng Group kung siya ang naniniwalang ang sitwasyon ay lampas sa saklaw ng segment ng Negosyo.

Ang pamamaraan sa pag-uulat, pagtanggap, at pagharap sa mga alerto ay inilarawan sa appendix ng Kodigo ng Etika na pinamagatang “whistleblowing facility – panloob na pamamaraan sa pagtanggap at pagproseso ng mga alerto ng whistleblowing”.

Huwag magbulag-bulagan

Wala dapat magbulag-bulagan sa anumang uri ng gawi ng korapsyon.

Sa abot ng makakaya ng mga awtoridad ng hustisya, maaari kang ituring na kasabwat kung bigo mong pigilan ang labag-sa-batas na pag-uugali na alam mo at may pamamaraan para pigilan ito.

Kung nakasaksi ka ng akto ng Korapsyon, tungkulin mong iulat ito agad. Ang kaugnay na Entity o segment ng Negosyo ay magdedesisyon kung iuulat ito o hindi sa mga awtoridad, kasabay ng Ethics Officer at legal department.

7. Mga Parusa

Ang mga akto ng Korapsyon o ang kabiguang pagilan ang mga ito ay mananagot sa parusa ng mga awtoridad ng administrasyon at hustisya na inilarawan sa Appendix 1 ng Kodigo ng Pag-aasal. Ang mga Senior executive at empleyado ay mananatiling personal na mananagot para sa anumang mga multang ipapataw sa kanila ng korte.

Ayon sa pakarang zero tolerance nito tungkol sa Korapsyon, ang Group ay magsasagawa ng anumang pamamaraang sa tingin nito’y kinakailagan kung madiskubre nito ang isang paglabag sa mga tuntunin ng pagsunod.

Sa anumang kaganapan, ang mga pamamaraan ng parusa at remediation ay isasagawa, kabilang ang:

- pagkakatanggal sa trabaho ng senior na executive o aksyong pandisiplina laban sa isang empleyado (na maaaring umabot hanggang sa pagkakasesante) sa oras ng paglabag sa Kodigo ng Pag-aasal o ang akto ng paglalantad ng kanyang Entity, segment ng Negosyo o Bouygues SA sa mga kinahinatnan ng akto ng Korapsyon;
- mga legal na paglilitis na may kasamang sibil na aksyon kung saan natuklasan ang mga tiwaling gawi; at
- pagtatapos ng mga kontraktwal na relasyon sa alinmang sub-contractor, co-contractor o partner na nagsasagawa ng mga akto ng Korapsyon.

V. PAGGAWA NG AKSYON LABAN SA MGA GAWING MAPANGANIB

Ang alukin ng biyahe ng isang supplier, ang ma-sponsor ang kopunan ng football, mapondohan ang mapagkawanggawang layunin, maging shareholder ng kumpanya ng kliyente, ang magbayad ng komisyon sa ahente upang mapabilis ang clearance sa customs ng paghahatid ng goods, o pagkontrata sa taga-usig na namamahala sa isang “sensitibong” batas para sa Group ay mga sitwasyong maaaring harapin ng mga Senior executive at empleyado ng Group at maaaring magpakita ng mga panganib ng korapsyon.

Mahalaga para sa lahat na matukoy ang mga mapanganib na gawaing ito at alamin kung paano tumugon sa mga ito upang maiwasan ang anumang pananagutan sa kanilang mga sarili o sa Group.

1. Mga regalo at hospitality

Bagaman ang pagbibigay at pagtanggap ng regalo ay mahalagang bahagi ng buhay negosyo, makakaapekto ito sa hindi pagkiling ng taong nagbibigay o tumatanggap ng mga ito. Noong unang bahagi ng 2020, nag-isyu ang Group ng patakaran sa “Mga regalo at kabutihang-loob” na nagtakda sa mga pangyayari kung saan ang mga empleyado ay maaaring magbigay o tumanggap ng mga regalo at hospitality.

Pinagbabawalan ng patakaran ang mga senior na executive at empleyado sa pagbibigay o pagtanggap ng mga regalo o kagandahang-loob na hindi alinsunod sa kasalukuyang patakaran (pang-kapital na goods, cash, pagpapatawad sa utang, atbp.), halaga (lumalagpas sa mga threshold na itinakda ng mga internal na tuntunin) o oras (habang nagbibigay imbitasyon o gumagawa ng desisyon).

Depende sa halaga, samakatuwid, ang mga regalo o kagandahang-loob ay dapat na iulat sa o i-awtorisa ng iyong line Manager, kung kinakailangan pagkakuha ng payo mula sa Compliance Officer o legal department. Anumang mga nasabing regalo o kagandahang-loob ay dapat matunton at, kung naaangkop, malinaw na nakatala sa mga account ng kumpanya.

Mga regalo at kabutihang-loob: mabubuting kasanayan

Sa alinmang pagkakataong nais mong magbigay o tumanggap ng regalo o kagandahang-loob, kailangan mong mag-refer sa patakarang “Mga Regalo at Kagandahang-loob” ng Group at kung naaangkop, ng kaugnay na segment ng Negosyo.

Itanong ang iyong sarili ng mga sumusunod na tanong:

- Kumportable ba ako sa regalo o kagandahang-loob na ito?
- Magiging kumportable ba ako kung malaman tungkol sa regalo o kagandahang-loob?
- Ano ang konteksto? Ang regalo o kagandahang-loob ba ay paggalang na pang- negosyo o isang insentibo?
- Ang regalo ba o kagandahang-loob ay makatuwiran pagdating sa mga karaniwang gawi sa negosyo?
- Mananatili ba kong independyente kung ibibigay ko o tatanggapin ko ang regalo o kagandahang-loob na ito?
- Maaari ba nitong negatibong maapektuhan ang imahe ng aking Entity, segment ng Negosyo o Group?

Kung may pagdududa, kailangan mong makipag-ugnayan sa iyong legal department o Compliance Officer.

2. Mga pagbabayad sa pagpapadali

Ang mga pagbabayad sa pagpapadali ay ang mga di-nararapat na kabayaran sa (o hiniling ng) mga pampublikong opisyal para mapadali ang isang transaksyon o pabilisin ang pang-araw-araw na administratibong proseso (pag-clear ng mga kalakal sa custom, pagkuha ng visa, pahintulot, atbp.) na maaaring lehitimong mahiling.

Posisyon ng Group ang pagbawalan ang mga Senior executive o empleyado sa paggawa ng anumang pagsasagawa ng mga pagbabayad sa pagpapadali maliban kung kinakailangan ang pagbabayad o kapag nasa panganib ang buhay, pisikal na kapakanan o kaligtasan ng empleyado.

3. Pagtangkilik at pag-sponsor¹

Pinahahalagahan ng Group ang mga gawain ng pagtangkilik, na nagsusulong sa layunin nitong mag-ambag sa pampublikong pamumuhay, tulad ng nakasaad sa Kodigo ng Etika. Hinihikayat din ang mga kontribusyon sa isports, kultural, malikhain at siyentipikong event na nakikiisa sa mga pagpapahalagang isinusulong nito.

Gayunpaman, ang mga gawaing pagtangkilik tulad ng pag-sponsor ay maaaring maglantad sa mga panganib ng Korapsyon dahil maaaring gamitin ito bilang paraan upang itago at/o hindi direktang gumawa ng aktong labag sa batas.

Ang pagtangkilik ay nangangahulugang pagdo-donate ng pera, kalakal, o serbisyo para sa mga layuning pampublikong interes.

Ang pag-sponsor ay ang pag-aambag sa pagpopondo sa isang organisasyon o kaganapan tulad ng seminar, komperensya o event ng isports upang makakuha ng potensyal na komersyal na benepisyo mula sa nakikitang paglahok nito o pagkakaugnay sa event. Samakatuwid, layunin nitong isulong ang komersyal na imahe ng produkto o tatak sa pamamagitan ng mga mensahe ng advertising bukod sa iba pang bagay.

Ang mga gawaing pag-sponsor ay kailangang may layuning naaayon sa batas at hindi kailanman para itago at/o hindi direktang gumawa ng kilos na labag sa batas (labag sa batas na pagbabayad, korapsyon, pag-aalok ng impluwensya, atbp.) at/o paglahok sa mga gawaing pinagbabawal ng Group (halimbawa, pagpopondo sa mga partidong pampulitika).

Ang paglahok sa anumang gawaing pangtangkilik o pag-sponsor ay, samakatuwid, ipinagbabawal kung:

- Layunin nitong makakuha o makapanatili ng kontrata, desisyon o awtorisasyon;
- ito ay isang insentibong magsagawa ng proyekto o magaganap sa isang ma-estratehiyang panahon na maaaring makaapekto sa mga interes ng kaugnay na segment ng Negosyo o Entity (may nagaganap na tender invitation, may nakabinbin na aplikasyon sa awtorisasyon, atbp.)
- ang benepisyaryo at/o Senior executive nito ay may kriminal na rekord o ang kanilang pamamahala ay natuklasang nagkukulang ng kanilang mga organisasyon nagkokontrol (sa France, ang Audit Court – *Cour des Comptes*);

(1) Hindi sinasakop ng seksyong ito ang pag-sponsor sa advertising na pinamamahalaan ng Decree no. 92-280 ng 27 Marso 1992 sa mga obligasyon ng advertising, pag-sponsor at mga tagabigay ng serbisyo sa teleshopping.

- ang benepisyaryo ay malinaw na naghahanap ng personal na pakinabang o umangkop ng mga ugali o mga kasanayan sa pamamahala na nagmumungkahi na ang mga miyembro nito aymaaari o may kakayanang maglustay ng pondo;
- ang empleyado sa likod ng gawaing pag-sponsor ay nakakukuha ng direktang personal na pakinabang mula rito; o
- ang gawaing pag-sponsor ay hindi nag-aambag sa anumang paraan sa kaugnay na segment ng Negosyo o sa patakaran sa marketing o mga komunikasyon ng Entity.

Para sa mga gawaing pagtangkilik, kailangang magtakda ang mga segment ng Negosyo ng balangkas ng kanilang patakaran sa pagtangkilik kasabay ng kanilang Komite ng Etika. Kapag hindi nakamit ng gawaing pagtangkilik ang mga kondisyong itinakda sa patakaran, kailangang konsultahin ang Komite ng Etika ng segment ng Negosyo para aprubahan ang aksyon, ang benepisyaryo at ang uri ng kontribusyon.

Panghuli, sa bawat gawaing pagtangkilik o pag-sponsor, kinakailangan ng Group ang:

- isang risk analysis ng probity na gagawin sa benepisyaryo;
- pagtakda ng kontribusyon sa isang pormal na nakasulat na kontrata;
- patunayan ng senior na executive o empleyado sa likod ng gawain ang relasyon (o kakulangan ng relasyon) sa benepisyaryo ng gawain; at
- Masubaybayan ang kontribusyon upang siguraduhin na ginagamit ito sa layuning itinakda sa kontrata.

Mga gawain ng pagtangkilik o pag-sponsor: mga sensitibong isyu

Tumutugon ang segment ng Negosyo sa invitation to tender na ginawa ng awtoridad ng munisipyo. Inimbitahan ng alkalde ng bayan ang empleyado ng segment ng Negosyong namamahala sa tender invitation para i-sponsor ang paligsahan sa isports ng bayan sa parehong panahon.

Anong gagawin:

Kinakailangang lagi kang maingat tungkol sa konteksto ng gawaing pagtangkilik o pag-sponsor. Ang uri ng gawaing ito ay mahigpit na ipinagbabawal habang ang segment ng Negosyo ay nasa negosasyon kasama ang awtoridad ng munisipyo.

Kung may pagdududa, kailangan mong makipag-ugnayan sa Compliance Officer o legal department ng segment ng Negosyo.

4. Mga salungatan ng interes

May salungatan ng interes kung ang mga personal na interes ng senior na executive o empleyado ay salungat o nakikipaglaban sa mga interes ng kaugnay entity ng Group.

Ipinagbabawal ng Kodigo ng Etika ang mga Senior executive at empleyado sa direktang paglahok sa isang gawaing lilikha ng salungatan ng interes sa kanilang Entity o segment ng Negosyo. Kung malalagay sa sitwasyon ang Senior executive sa isang potensyal o aktwal na salungatan ng interes, dapat silang mag-refer sa kanilang line Manager nang walang ibinabawas na mga katotohanan.

Nagpatibay ang Group ng Conflicts of Interest Compliance programme.

Pag-uulat ng salungatan ng interes

Ang iyong hipag ay ang CEO ng kumpanyang nais maging bagong supplier sa iyong segment ng Negosyo. Binibigyang-daan ka ng iyong trabaho na maimpluwensyahan ang proseso ng pagpili ng supplier.

Anong gagawin:

Dapat mong iulat kaagad ang conflict na ito sa iyong line Manager, na kokonsulta sa Compliance Office o legal department tungkol sa mga angkop na pamamaraang gagawin (halimbawa, hindi pagsali sa proseso ng seleksyon, paggawa ng mga angkop na pamamaraan upang mapanatili ang mga kumpidensyal na dokumento, atbp.).

5. Paggamit ng mga tagapamagitan

Kahulugan ng tagapamagitan

Ang tagapamagitan ay kahit na anong entity o tao, anuman ang kanilang estado o sektor ng negosyo, na gumaganap bilang ahente sa pagitan ng third party sa pampubliko o pribadong sektor at ang Group o isa sa mga segment ng Negosyo o Entity nito upang makatulong sa pagkuha ng kontrata, commitment, desisyon o awtorisasyon ng kahit na anong uri.

Ang taong nagbibigay lamang ng mga teknikal na serbisyo ng pagkokonsulta o serbisyong intelektwal, na hindi gumaganap bilang ahente, ay hindi tagapamagitan ayon sa tinukoy sa naunang talata. Nakasalalay sa kaugnay na senior na executive o empleyado ang pagsusuri kung ang tao o entity na nais nilang hirangin ay isang tagapamagitan. Kung may pagdududa tungkol sa minumungkahing serbisyo, kailangan mong konsultahin ang iyong legal department o Compliance Officer.

Posisyon ng Group

Ang paggamit ng mga tagapamagitan ay mahigpit na ipinagbabawal ng Group kung saan ang layunin ay isagawa ang mga gawaing hindi maaaring gawin mismo ng Group, mga segment ng Negosyo o Entity nito o kung mayroon pang seryosong pagdududa sa katapatan ng tagapamagitan kahit nagawa na ang lahat ng nararapat na pag-iingat.

Sa ilang sitwasyon, halimbawa, kung nais pumasok ng Entity sa isang bagong merkado o kailangan ng tulong o suporta ng kwalipikadong propesyonal upang magsagawa ng mga negosasyon o iba pang komersyal na aksyon, ang paggamit ng tagapamagitan ay maaaring isaalang-alang.

Gayunpaman, ang gawaing ito ay maaaring may mga panganib dahil ang paghingi ng tulong o suporta ng tagapamagitan ay maaaring maharap sa mabibigat na parusa kung ang tagapamagitan ay gumawa ng anumang tiwaling gawi. Ang paggamit ng mga tagapamagitan ay, samakatuwid, kailangang maingat na isaalang-alang.

Higit pa rito, kailangang mas mag-ingat sa pagpili ng isang tagapamagitan at sa lahat ng susunod na pakikitungo sa tagapamagitan iyon kung:

- ang tagapamagitan ay nakipagnegosasyon sa mga pampublikong opisyal;
- ang tagapamagitan ay minumungkahi o ipinaguutos ng isang third party (pampublikong opisyal, customer, atbp.); o
- ipinaguutos ng lokal na batas ang paggamit ng tagapamagitan para sa iniisip na transaksyon.

Ayon sa tuntunin, ang isang indibidwal ay hindi maaaring magamit upang gumanap bilang tagapamagitan. Gayunpaman, maaaring may mga exception sa prinsipyong ito kung may paunang awtorisasyong nakuha mula sa kaugnay na legal department o Compliance Officer. Ang mga exception ay kailangang mapangatuwiran at pormal na itakda sa isang pamamaraan na ipapasa para maaprubahan sa Ethics Officer ng segment ng Negosyo at Ethics Officer ng Group.

Maaaring ipagbawal ng mga segment ng negosyo paghigpitan ang paggamit ng ilang uri ng tagapamagitan ayon sa kanilang sariling risk map.

Paunang pagpayag

Ang mga empleyadong gustong gumamit ng tagapamagitan ay kailangang kumonsulta muna sa kaugnay na legal department o Compliance Officer at isagawa ang mga sumusunod na pagsusuri:

- Ang tagapamagitan ba ay isang legal na entity?
- Mayroon ba itong legal na pag-iral at totoong lugar ng negosyo?
- Nagfa-file ba ito ng mga account?
- Sinu-sino ang mga nakikinabang na may ari nito?
- Mayroon ba itong sapat na karanasan at reputasyon sa larangan nito at sapat na mapagkukunan para sa layunin (totoo ba ang mga gawaing pang-negosyo nito, ang pagbibigay ba ng kaugnay na serbisyo ang karaniwang gawaing pang-negosyo nito, seryoso ba ang mga customer nito, mayroon ba itong tunay na kaalaman ng kaugnay na sektor o bansa atbp.)?

Mga red flag

Kapag nagsagawa ka ng risk analysis, kailangan mong bigyan ng pansin ang mga sumusunod:

- anumang potensyal na mga salungat ng interes;
- mga personal at/o propesyunal na relasyon sa pagitan ng tagapamagitan at mga pampublikong opisyal;
- kahirapan sa pagkuha ng impormasyong hinihiling para magsagawa ng risk analysis;
- anumang kaduda-duda o di-maipaliwanag na kahilingan ng tagapamagitan (walang pagkakakilanlan, eksklusibong relasyon sa customer, atbp.);
- anumang mga hatol sa paglabag sa katapatan ng tagapamagitan, isa sa mga senior na executive o isa sa mga shareholder nito;
- ang mga termino ng pagbabayad na minungkahi ng tagapamagitan (cash, pagbabayad sa account sa bangko sa isang tax haven, o sa account na bukod sa account ng tagapamagitan, atbp.) o ang halaga ng sinisingil na kabayaran; at
- ang pagtanggap ng tagapamagitan na kumilos upang sumunod sa mga regulasyong laban sa korapsyon.

Ang desisyong gumamit ng isang tagapamagitan ay ayon sa bilang at kahalagahan ng anumang mga natukoy na red flag, kasabay ng kaugnay na legal department, Compliance Officer o Ethics Officer.

Kontraktwal na relasyon

Ang anumang relasyong pang-negosyo na may tagapamagitan ay kinakailangang pinamamahalaan ng isang kontratang ginawa sa tulong ng legal department o Compliance Officer. Ang kontrata ay pinirmahan ng isang opisyal ng korporasyon ng kaugnay na ng Negosyo o Entity.

Dapat maisagawa nito ang kontraktwal na balangkas para sa mga serbisyong ibibigay ng tagapamagitan at dapat kabilang ang isang sugnay laban sa korapsyon.

Ang mga exception sa mga prinsipyong ito ay maaaring hilingin ng mga segment ng Negosyo depende sa kanilang mga gawaing pang-negosyo. Ang mga exception ay kailangang mapangatuwiran at pormal na itakda sa isang pamamaraan na ipapasa para maaprubahan sa Ethics Officer ng segment ng Negosyo at Ethics Officer ng Group.

Ang isang up-to-date na listahan ng mga kontak ng tagapamagitan (at anumang mga susog) ay dapat ihanda at regular na ipadala sa Ethics Officer ng kaugnay na segment ng Negosyo.

Bayad sa tagapamagitan

Ang bayad sa tagapamagitan ay dapat mapagkasunduan ayon sa kontrata at dapat laging sumasalamín sa patas na bayad para sa mga tunay at makatuwirang serbisyo. Alinsunod nito, ang bayad ay kinakailangang:

- maging proporsyonal sa tagal at pagiging kumplikado ng binibigay na serbisyo;
- magsama ng nakapirming bahagi at kung kabilang ang isang success fee, ang halaga ng success fee ay hindi maaaring lumampas sa halaga ng nakapirming bahagi. Ang istruktura at termino ng alinmang success fee ay dapat aprubahan muna ng Ethics Officer ng kaugnay na segment ng Negosyo;
- na mabayaran sa batayang porsiyento ng pagkumpleto at maging kondisyonal ayon sa pagbibigay ng tagapamagitan ng mga resibong nagdodokumento sa mga serbisyong isinagawa (pagsasaliksik, mga dokumento ng pagganap ng kontrata, ulat, minutes ng mga pagpupulong, atbp.); at
- mabayaran sa bank account sa bansa kung saan ang kaugnay na proyekto ay matatagpuan. Kung ang tagapamagitan ay hindi nakabase sa bansang iyon, ang bayad ay maaaring bayaran sa bansa kung saan naroon ang pangunahing lugar ng negosyo ng tagapamagitan.

Ang mga exception sa mga prinsipyong ito ay maaaring hilingin ng mga ng Negosyo depende sa kanilang mga gawaing pang-negosyo. Ang mga exception ay kailangang mapangatuwiran at pormal na itakda sa isang pamamaraan na ipapasa para maaprubahan sa Ethics Officer ng segment ng Negosyo at Ethics Officer ng Group.

6. Pampulitikang pagpopondo

Sa France, mahigpit na ipinagbabawal ang mga legal na entity na pondohan ang mga partidong pampulitika o ang karera ng pulitiko o kandidatong tumatakbo sa eleksyon. Gayundin sa iba pang maraming bansa.

Pangkalahatang patakaran ng Group ang huwag mag-ambag sa pagpopondo ng mga partidong pampulitika o sa mga pulitiko direkta man o hindi direkta sa pamamagitan ng mga NGO, think tank, foundation, atbp.

7. Pagkatawan ng interes at lobbying

Nakikipag-ugnayan ang Group sa pagkatawan ng interes o lobbying¹ upang mas makilala at maunawaan ang mga gawain nito. Ang mga Senior executive ng Group at ang mga segment ng Negosyo ay responsable sa paglalarawan at pagtukoy sa mga layunin at patakaran sa lobbying. Ang mga patakarang ito ay dapat sumunod sa mga naaangkop na regulasyon at dapat maging alinsunod sa mga pinahahalagahan ng Group.

Ang mga Senior executive at empleyadong may kinalaman sa mga gawain ng lobbying

Ang mga Senior executive at empleyadong may kinalaman sa mga gawain ng lobbying ay inaasahang kumilos ayon sa katapatan at integridad alinsunod sa mga naaangkop na regulasyon, ang Kodigo ng Etika ng Group at ang Kodigo ng Pag-aasal na ito.

Sa France, ang mga segment ng Negosyo ay responsable sa pagrerehistro, paga-update at pag-uulat ng impormasyon sa mga kumpanya, mga senior na executive at empleyado sa kanilang saklaw na gumagawa ng mga gawain ng lobbying sa France sa High Authority for Transparency in Public Life (HATVP) ng France.

Ang mga Senior executive at empleyadong may kinalaman sa lobbying ay dapat:

- umiwas sa tiwali, hindi patas at di-makumpitensyang gawi, at partikular mula sa pag-aalok ng pinagbabawal na kalamangan na may layuning ma-impluwensyahan ang desisyon ng pampublikong tagagawa ng desisyon;
- sumunod sa kanilang tungkuling transparency at pag-uulat ayon sa HATVP;
- siguraduhing ang kanilang Entity ay sumusunod sa mga areglo ng pagrerehistro para sa mga kaugnay na rehistro at mga partikular na tuntuning pinamamahalaan ang nakitang gawain ng lobbying;
- iwasan ang pag-udyok sa sinumang lumabag sa mga tuntunin ng etikang naaangkop sa mga ito;
- huwag subukang kumuha ng impormasyon o mga desisyon sa pamamagitan ng mapanlinlang na pamamaraan;
- iwasan ang paggamit ng impormasyong nakuha sa takbo ng kanilang mga gawain para sa mga komersyal na layunin o publisidad;
- iwasan ang pagbebenta ng mga kopya ng dokumentong mula sa gobyerno, administratibo o independyenteng pampublikong awtoridad sa mga third party;
- siguraduhing na ang mga organisasyon ng kalakalan at mga think tank kung saan ang mga kinatawan ng Group ay maaaring miyembro na sumusunod sa mga regulasyon laban sa korapsyon.

Pagdulong sa third party para sa mga layunin ng lobbying

Ang mga probisyon ng Kodigo ng Pag-aasal na ito tungkol sa risk analysis, mga bayad at kontraktwal na relasyong naaangkop sa mga tagapamagitan ay inilalapat din sa mga kinatawan ng interes.

Ang third party na kinatawan ng interes ay dapat na sumunod sa mga regulasyon laban sa korapsyon.

(1) Ang lobbying ay nangangahulugang pag-aambag sa pampublikong debate tungkol sa pagbalangkas o pagpapatupad ng batas, regulasyon o pampublikong patakaran sa pamamagitan ng pagbibigay ng opinyon o pagbibigay ng teknikal na kagalingan.

Ang pagkuha sa trabaho o pagdulog sa mga serbisyo ng dating pampulitika o nahalal na tao (mga Ministro, pinuno ng lokal na awtoridad, atbp.) o mga empleyado ng gobyerno mula sa mga pambansang o pandaigdigang institusyon ay dapat sumunod sa mga tuntuning namamahala sa kanilang estado (hal. time lapse pagkatapos mag-stand down, atbp.). Sa anumang kaganapan, ang kanilang mga serbisyo ay hindi na maaaring magamit sa mga layunin ng lobbying sa mga lugar na sakop ng kanilang nakalipas na tungkulin hanggang sa matapos na ang legal na panahon pagkatapos nilang mag-stand down.

Paggamit ng lobbying firm: mga red flag

Nais mong maghirang ng lobbyist. Hindi mo dapat gawin ito kung ang lobbyist ay:

- hindi makapagpakita ng karanasan at ng mga mapagkukunang kailangan para sa layuning iyon;
- tumagging tanggapin ang mga mandatoryong sugnay sa nakasulat na kontrata;
- tumagging marehistro sa mga kaugnay na rehistro (halimbawa, sa direktoryo ng HATVP ng mga kinatawan ng interes ng France, ang rehistro ng transparency ng Europe);
- may rekord ng mga paghatol sa mga tiwaling kasanayan o mga katulad na pagkakasala.

APPENDIX 1

MGA PROBISYON NG BATAS NA SAPIN 2: ESCALATION NG LABAN SA KORAPSYON

Ang batas Sapin 2 ng France na ipinakilala ang ilang mga mapaghangad na pamamaraan na dinisenyo upang matuklasan at maiwasan ang Korapsyon sa korporasyon. Idinala ng bagong batas na ito ang batas laban sa korapsyon ng France katapat ang iba pang maraming bansa.

Pagpapatupad ng programa ng pagsunod

Ipinag-uutos ng batas sa mga kumpanya na higit sa tiyak na bilang na magpatupad ng programa ng pagsunod ayon sa walong pangunahing haligi:

- paggamit ng kodigo ng pag-aasal;
- isang internal na whistleblowing facility na nagbibigay-daan sa mga empleyadong iulat ang mga sitwasyon sa paglabag sa kodigo ng pag-aasal ng kumpanya;
- risk mapping;
- mga pamamaraan upang masuri ang sitwasyon ng mga customer, pangunahing supplier at tagapamagitan batay sa risk map;
- mga internal o eksternal na proseso sa pagkontrol ng accounting;
- pagsasanay para sa mga manager at tauhang pinakalantad sa Korapsyon at mga panganib ng pag-aalok ng Impluwensya;
- mga areglo ng pagdidisiplina upang parusahan ang mga empleyadong lumalabag sa kodigo ng pag-aasal ng kumpanya;
- internal na kontrol at mga areglo ng pagsusuri para sa mga pinatupad na pamamaraan.

Pagbuo ng Anti-Corruption Agency (AFA) ng France

Tungkulin ng AFA na tulungan ang mga may kakayahang awtoridad sa pag-iwas at pagtuklas ng mga tiwaling kasanayan at mga katulad na pagkakasala. Ginagampanan nito ang tungkulin ng superbisor at may sarili itong kapangyarihan ng pagpaparusa.

Responsable ito sa pangangasiwa ng pagsunod sa mga hakbang at pamamaraan na kailangang ipatupad ng mga malalaking kumpanya upang maiwasan at matuklasan ang korapsyon. Ang tauhan nito ay maaaring magsagawa ng mga on-site na audit sa lugar ng kumpanya. Sa pagsunod sa mga audit na ito, ang AFA ay maaaring magbabala sa kumpanya at, kung naaangkop, i-refer ang usapin sa sanctions board nito. Maaaring ipag-utos ng sanctions board sa kumpanyang iangkop ang mga internal na pamamaraan nito at pagmultahin ang kumpanya at ang mga senior na executive nitong tinuturing na lumabag sa mga tuntunin.

Iuulat din ng AFA ang anumang mga bagay na mapansin nito, na maaaring bumubuo ng krimen o paglabag, sa national public prosecutor o sa national public prosecutor para sa krimeng pinansyal.

Kasunduan sa ipinaglibang pag-uusig

Katulad sa deferred prosecution agreements (DPA) na umiiral sa United States at United Kingdom, ipinakilala ng batas na Sapin 2 ang posibilidad ng isang organisasyong naakusahan ng Korapsyon na umabot sa isang kasunduan sa national public prosecutor.

Binibigyang-daan ng makabagong pamamaraang ito ang organisasyong mauwi sa kasunduan kasama ang prosecutor kaysa masangkot sa mahabang paglilitis, kung saan ang resulta ay maaaring hindi sigurado. Ang kumpanya ay maaaring kailanganing magbayad ng multang pampublikong interes sa Treasury department, na may limitasyon na 30% ng karaniwang taunang kita nito sa huling tatlong taon. Maaari ring kailanganing magpasa sa isang programa ng pagsunod nang hanggang sa tatlong taon sa ilalim ng pagsubaybay ng AFA.

Pagpapalawig ng sakop ng mga korte ng France

Muling pinagtitibay at pinalalawig ng batas na Sapin 2 ang ekstra-teritoryal na sakop ng mga korte ng France. Ang kanilang awtoridad ngayon ay umaabot sa mga pagkakasalang ginawa ng isang legal na entity o ng taong madalas na nakatira sa o nagsasagawa ng bahagi ng mga gawain ng negosyo nito sa France, anuman ang nasyonalidad.

Tinanggal din ng bagong batas ang bilang ng mga hadlang na dating nagsisilbing sagabal sa pagkilos ng mga korte ng France, na may kapangyarihan na sag mga ito ngayon.

- kahit na ang diumanong pag-uugali ay hindi naparurusahan sa ilalim ng batas ng bansa kung saan ang kasalanan ay nagawa.
- kahit na ang biktima ay hindi gumawa ng aksyon sa bansang iyon; at
- nang hindi kailangan para sa public prosecutor para magkaroon ng mga paglilitis na nasimulan na noon.

Ang mga korteng pang-krimen ng France, tulad ng mga counterpart nito sa UK at US, ay may mas malawak sa sakop na ngayon sa mga bagay tungkol sa korapsyon.

Mas mabibigat na parusa sa mga indibidwal

Simula noong ipinatupad ang batas na Sapin 2, ang patakaran ng gobyerno ay lalong tumuon sa mas mabagsik at sistematikong pagpaparusa sa mga indibidwal na sumali sa tiwaling kasanayan. Ito ay nangangahulugan na sa kabila ng anumang pinaglabang kasunduan sa taga-usig, ang legal na aksyon ay maaari pa ring maging laban sa mga senior na executive at empleyado nito na lumabag sa katapatan. Ang layuning ito ay ginawang prinsipyo ng pagkilos ng mga korte.

Proteksyon ng mga whistleblower

Pinoprotektahan ng batas na Sapin 2 ang mga whistleblower at inililigtas sila mula sa anumang kriminal na pananagutan kung napilitan silang magbunyag ng mga sikretong impormasyong protektado ng batas.

Binibigyan din nito ang whistleblower ng karapatan na direktang sumagguni sa legal o administratibong awtoridad sa oras ng seryosong o napipintong kapahamakan o panganib o mula sa panganib ng pagkasirang hindi na mababawi.

Ipinag-uutos din nito ang lahat ng kumpanyang may hindi bababa sa 50 empleyado na magpatupad ng naaangkop na pasilidad ng whistleblowing para sa mga tauhan at panlabas o pana-panahong manggagawa.

APPENDIX 2

MGA KAPAKI-PAKINABANG NA LINK AT MAPAGKUKUNAN

France: French Anti-Corruption Agency (AFA)

Mga rekomendasyon ng AFA

<https://www.agence-francaise-anticorruption.gouv.fr/files/files/Recommandations%20AFA.pdf>

Mga salungatan ng interes

[Publication du guide pratique sur la prévention des conflits d'intérêts dans l'entreprise | Agence française anticorruption \(agence-francaise-anticorruption.gouv.fr\)](https://www.agence-francaise-anticorruption.gouv.fr/publication-du-guide-pratique-sur-la-prevention-des-conflits-dinterets-dans-lentreprise)

Praktikal na gabay sa pang-korporasyong pagsunod laban sa korapsyon

<https://www.agence-francaise-anticorruption.gouv.fr/fr/guide-pratique-fonction-conformite-anticorruption-dans-lentreprise>

Praktikal na gabay sa marapat na pagsisikap laban sa korapsyon pagdating sa mga merger at acquisition

<https://www.agence-francaise-anticorruption.gouv.fr/files/files/Guide%20pratique%20fusacq%202021-02%20DEF-2-19.pdf>

Praktikal na gabay patungkolsa patakaran sa mga regalo at kagandahang-loob sa mga kumpanya, industriyal at komersyal na gawain, NGO at foundation

<https://www.agence-francaise-anticorruption.gouv.fr/files/files/Guide%20pratique%20politique%20cadeaux%20et%20invitations.pdf>

United States

FCPA Isang Gabay ng Mapagkukunan sa US Foreign Corruption Practices Act

<https://www.justice.gov/sites/default/files/criminal-fraud/legacy/2015/01/16/guide.pdf>

Gabay sa FCPA (Hunyo 2020)

<https://www.justice.gov/criminal-fraud/page/file/937501/download>

United Kingdom
Ang Bribery Act ng 2010: Gabay tungkol sa mga pamamaraan na maaaring isaalang-alang ng mahahalagang komersyal na organisasyon upang maiwasan ang mga taong maiugnay sa kanila sa panunuhol https://www.justice.gov.uk/downloads/legislation/bribery-act-2010-guidance.pdf
Transparency International
Corruption Perceptions Index (CPI) http://www.transparency.org/cpi

BOUYGUES GROUP

32 avenue Hoche

F-75378 Paris cedex 08

Tel.: +33 (0)1 44 20 10 00

bouygues.com

Twitter: @GroupeBouygues



MAHALAGANG ABISO

Ang dokumentong ito ay nagbibigay ng overview ng mga patakarang pinatupad noong 30 Enero 2022.

Babaguhin ito kung kinakailangan at ang mga pagbabago ay ipapaskil lamang sa Intranet at sa bouygues.com.

2014 • Pagbabago: Marso 2022

Ang Kodigo ng Etika ng Bouygues group, Kodigo ng Pag-uugali Laban sa Korapsyon at Mga Programa sa Pagsunod (Kompetisyon, Pinansyal na Impormasyon at Securities Trading, Mga Salungatan ng Interes Mga Embargo at Mga Pagbabawal sa Pag-eexport) ay maa-access sa Intranet ng Group (ByLink).

BOUYGUES